*Review of Women's Studies* 32 (2): 151-160

# Mula sa Ligalig ng Digma Hanggang sa Bagabag ng Kapayapaan:

## Pagsusuring Kontekstwal sa *Violence Against Women in Times of War and Peace* ni Aida F. Santos

Jason F. Pozon

**Abstrak**

Sa pagsusuring kontekstwal na ito hinggil sa aklat na *Violence Against Women in Times of War and Peace* ni Aida F. Santos, mahalagang natukoy at nailarawan ang kalagayan, gampanin, at epekto ng mga digmaan sa kababaihan. Sinipat din ang kanilang pag-angkop sa panahon na ang katotohanan ng kapayapaan ay malayo sa kanilang reyalidad. Nailapat at naiugnay sa kontekstong Pilipino ang pagbangon ng kababaihan upang harapin ang mga hamon ng kontemporaryong panahon na maituturing na "*post-war*." Kung gayon, ang rebyu na ito ay nakabalangkas sa mga mahahalagang punto na nabanggit sa itaas. Iminumungkahi ng aklat na ang pinakamabisang paraan upang mahinto ang karahasan sa kababaihan ay ang pagpapakita ng kapayapaan sa gitna ng kaguluhan. Ang nosyon sa kapayapaan ay dapat mahubog labas

©2023 Center for Women's and Gender Studies, University of the Philippines
ISSN 0117-9489

sa patriyarkal na kalikasan ng lipunan. Ang mahabang panahon ng digmaa't pang-aapi sa panahon ng kapayapaan ay nagbunga ng mga militanteng pagkilos upang maipakita na dapat na mabigyan ang kababaihan ng espasyo at tinig upang makamit ang kapayapaan na nangangahulugan ng paglaya mula sa iba't ibang puwersa ng nagpapahirap sa kanila. Sa kabuoan, may saysay ang pagbasa sa ganitong uri ng mga aklat upang mapag-isip at hamunin tayo na tumindig, at magbangon kung kinakailangan tungo sa ingklusibo at mapagkalingang lipunan. Nagpapaunawa ang akdang ito na ang dinadanas natin ay hindi malayo sa karanasan ng ibang bayan. Kaya't nangangailangan ng malawakang pagkilos at pagpapalaya dahil may iba pang anyo, hugis, at porma ang konseptong "digmaan" at "kapayapaan" na naging tuntungan ng pagsusuring papel na ito.

*Keywords:* digmaan, kapayapaan, karahasan sa kababaihan, tunggaliang-uri, pagsusuring kontekstwal

## Abstract

In this contextual analysis of the book *Violence Against Women in Times of War and Peace* by Aida F. Santos, it was important to consciously identify and present the conditions, roles, and effects of wars towards women. In the book, it was determined how women adapted in these times where the true essence of freedom and peace is far from their reality. Moreover, the experiences of Filipino women in coping in such dangerous times were contextualized and established as they struggle with the contemporary world of "post-war." With this, the review is grounded from the different significant female experiences during and after the wars. In the analysis, the book suggests that to effectively eradicate these struggles of women, there should be a representation of peace amidst the chaos of war. This notion of peace should be conceptualized away from the patriarchal nature of the society. As a result of this arduous journey of war and violence, there were militant movements that have been formed to establish that women should also have an equal space

and voice to effect such freedom and liberation from oppressive forces. Overall, this book provides a nuanced undertaking to reflect and challenge for people to be more empowered and responsive in creating a more inclusive and safe society. The book enables individuals to recognize that one's experiences may be similar to other nations'. In effect, there is a wider call for movements for liberation as there are different forms, notions, and nuances to the concepts of "war" and "peace" which have been the foundations of this paper.

*Keywords:* war, peace, violence against women, power struggles, contextual analysis

## Introduksyon

Sa panahon ng krisis at bagabag, napapanahon ang pagbasa kay Aida F. Santos (2002) sa kanyang *Violence Against Women in Times of War and Peace*. Mahalagang panahon at lunan ang digmaa't kapayapaan. Isinalansan ni Santos ang kaapihan at mga kalunos-lunos na sinapit ng kababaihan noong panahon ng digmaan, lalo pa sa mga bansang hindi pa ganoong kasulong. Kadalasan ang mga bansang ito ay mas mahina ang depensa kaya malaya ang mga kumubkob na gawin ang naisin nila. Sa lahat ng ito at ng anggulo, babae ang biktima, babae ang pinakanapagsasamantalahan, at maging mga bata rin ang naaapektuhan. Sa usapin ng panahon ng kapayapaan, malaking tanong kung kailan ba o ano ang *marker* na maaaring masabi na ang isang lupain ay may ganap o ideyal na kapayapaan? Ipinaliwanag ito ni Santos sa kanyang pagtalakay sa aklat.

Mahahati sa tatlong malalaking bahagi ang aking pagsusuring kontekstwal sa aklat ni Santos sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga lokal o pambansang usapin sa kasalukuyan at sa mga nagdaang taon: (a) ang kababaihan sa panahon ng digma, (b) ang kababaihan sa panahon ng nosyon ng kapayapaan, at (c) ang kababaihan sa mga hamon ng panahon.

## Ang Kababaihan sa Panahon ng Digma

Ang sekswal na pagkaalipin sa kababaihan noong panahon ng digmaan ay nag-uugat sa patriyarkal na killing sa usaping politikal at ekonomikal na nagbubunga rin ng 'di-pantay na ugnayan ng mga kasarian (Kelly, 2000; Kreft, 2020; Moreton-Robinson, 2009). Hanggang sa kasalukuyan, sinisikap na maikwento ang dinanas ng kababaihan noong panahon ng digmaan, ang pagpapahirap sa kanila, paulit-ulit na panggagahasa, pananakit, at pang-aabuso upang maipaunawa at maging mulat ang lipunan na talagang may krisis hanggang ngayon na kahit hindi na nakararanas ng digmaan (e.g., Berman et al., 2006; Soh, 2020).

Sa mga bansang Korea at Pilipinas, marami nang narinig na nakapanghihilakbo na kwentong karahasan sa kababaihan (De Los Reyes-Ancheta, 2013; Min, 2003). Hindi mawawala at malilimutan ang kwento ni Lola Maria Rosa Luna Henson, at ni Kum Hak Sun na unang nagbukas sa publiko ng dinanas na pang-aabuso mula sa Hukbong Hapon. Nakikita sa akda ni Santos ang mga naidokumento na mga "*comfort women*" o ang mga babaeng naging parausan ng mga sundalong Hapon at maging mga Amerikano noong panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig.

Malaki ang naging epekto ng mga digmaang ito sa kababaihan, sa kabataan, at sa mga pamilya. Nagdulot ito ng ligalig, pangamba, lagi't laging takot, malawakang kagutuman, pagkalat ng iba't ibang sakit, kahirapan, pagkawalang tulong na moral at panlipunan, at 'di-mabuting epekto sa aspektong sikolohikal (Hynes, 2004; Usta et al., 2008). Kung babalikan natin ang kaguluhan sa Marawi, ang pinakamalaking bilang ng *refugee* o mga nasa *safe zone* ay mga bata at babae. Madaling tugunan ang pangangailangan nila kung biktima lamang sila ng kalamidad o hindi kontroladong mga sitwasyon ngunit iba na ang usapin kung nagiging "*outlet* ng digmaan" o sa madaling sabi, "*casualties*" ng mga kaguluhan at karahasan ang mga bata at babae dahil sila ang naiiwan sa mga bahay na niwawasak at nilolooban ng mga nais na mangubkob.

At kung walang kapayapaan noong mga panahon ng digmaan, nangangahulugan na may pagyurak sa karapatang pantao (Priebe et al., 2010; Sriram et al., 2017). Kaugnay ng pagdiriwang ng araw ng International Human Rights, ang kapayapaan ay nakakamit batay sa katarungan. Kapag sinabing katarungan, tinatamasa dapat lahat ng mga

mamamayan ang kanilang karapatan tulad ng karapatan mabuhay, karapatan sa edukasyon, karapatan sa serbisyong pangkalusugan, at iba pa (Archibald & Richards, 2002; Höglund, 2003). Sa ilalim ng *international law*, ang mga pang-aabuso na nararanasan ng kababaihan sa mga bansang nasa ilalim ng digmaan ay nakapaloob sa *genocide*, ito ay paggambala sa mga kultural na simbolo na nakapagdudulot ng kapahamakan sa pag-iral ng mga pangkat sa lipunan na binubuhay ng mga magkakaugnay na kultura (Moses, 2008, pp. 255–256). May mga halimbawa ng naratibo si Santos na nagpapakita ng nasabing paglabag sa *international law*, kaya naman mabuting tingnan at suriin ang pagkakaparehas o pagkakatulad ng mga batayan sa paglabag kahit na magkakaibang bansa, kultura, at kapaligirang pangkasaysayan. Ang mga suliraning ito ay naging pangmatagalan na kahit na natapos ang digmaan at dumating na ang panahon ng tinatawag nating "kapayapaan."

## Ang Kababaihan sa Panahon ng Nosyon na Kapayapaan

Sinasabi na ang konseptong digmaan at kapayapaan ay mga sulong ng kalalakihan na mas pinaiigting ng patriyarkal na sistema (Cockburn & Enloe, 2012). Sa usapin ng kapayapaan, ang mga lalaki ang nauupo sa mga pakikipagkasundo o pagtatapos ng digmaan. Ang karanasang pangdiplomatiko ay kadalasang tinatamasa ng mga lalaki. Sa ilang pagkakataon, binabansot din ng proseso ng pagkamit sa kapayapaan ang danas ng kababaihan sa pakikipagdiskurso para sa paglaya at pakikipag-ugnayan sa mga institusyong ekonomikal at politikal.

Maraming pag-aaral ang magpapatotoo na may karahasan pa rin sa kababaihan hanggang sa kasalukuyan, at hangga't walang kumikilos mula sa hanay ng kababaihan maging sa hanay ng kalalakihan, walang pagbabagong matatamo, patuloy na yuyurakan ang mga karapatang pantao na dapat sanang tinatamasa ng lahat (Copelon, 2011; Ward & Marsh, 2003). Nasusulat sa ating kasaysayan ang mahabang tradisyon ng pagsasamantala sa kababaihan kahit sa panahon ng kapayapaan—ang pinakatalamak at payak ay pananakit sa asawa, prostitusyon, sapilitang pagbubuntis, ipinagkakasundong kasal, pagtutuli sa kababaihan, *incest*,

at aborsyon. Ang mga ito ay nagdudulot din ng pinsala hindi lamang sa emosyonal na aspekto ng isang babae ngunit pati sa kanilang kalusugan. Ang pang-aabuso sa kababaihan ay may malaking implikasyon na maaaring mauwi sa maraming problemang pangkalusugan (Guruge et al., 2012; Liebling-Kalifanietal, 2008). Ibinigay na halimbawa ni Santos ang kababaihan sa Indonesia na nakaranas ng pang-aabusong sekswal na humahantong sa pagpapatiwakal habang ang iba naman ay ipinasok sa *mental facilities*. Bukod sa epekto sa kaisipan, may mga pisikal na epekto ang karahasan sa kababaihan tulad ng pagkabali ng mga parte ng katawan, pagkakaroon ng mga pasa at mga sakit tulad ng *hematoma*, at iba pa na kadalasang nagiging sanhi rin ng kamatayan. Ang usapin sa *reproductive health* ay lumalala at kadalasan nagbubunga sa mga negatibong epekto na pangmatagalan.

Bagaman may isinasagawang hakbang ang mga pamahalaan ng mga bansang nabanggit upang masugpo o malabanan ang pandarahas sa mga kababaihan at ang eksploytasyon sa mga kabataan, may kakulangan pa rin sa pag-unawa ang nakararami sa pinag-uugatan ng mga karahasang ito. Ang kakulangan sa pagsasadokumento ng mga kaso ay nagbubunsod upang hindi maging ganap na matibay at maipatupad ang mga batas na nagtatanggol sa kababaihan at kabataan. Ang sosyo-kultural na lente ng lipunan ay buhay na buhay, tinitingnan ang kababaihan bilang ikalawa lamang sa lalaki; ikalawa lamang na dapat bigyang pansin at bigyang tinig sa lipunan.

## Ang Kababaihan sa mga Hamon ng Panahon

Ang hiya, sakit, at pagdurusa ay nakaukit pa rin sa mga alaala ng mga biktima dulot ng digmaan. Marami na ang nagsadokumento ng mga kagimbal-gimbal na mga salaysay ng kababaihan sa panahon ng digma, ipinagpatuloy ito ni Santos sa kanyang panulat hanggang sa kasalukuyan. Sa kanyang aklat, muli itong inilahad ng mas bagong henerasyon ng mga babaeng naging biktima ng pagsasamantala at mga nakaligtas mula sa eksploytasyon. Kabalintunaan ang ideya na inilalahad ng aklat sa usapin ng pagsasadokumento ng mga tinig ng kababaihan, sinusubukan ng kasalukuyan na ilantad sa madla ang kaapihan na dinaranas ng

kababaihan noon hanggang ngayon na binibigyang diin ang mga polisiya ng umiiral na nagpapaigting sa pandarahas sa pag-aakalang ikauunlad ito ng ekonomiya at pagpapalawig ng globalisasyon.

Ang ika-20 siglo ay nagpunla ng mga simulain sa pagpapalawak ng usaping ekonomiya at mabilis na pagsabay sa rebolusyong teknolohikal na patuloy na nagpapaliit sa mundo. Sa pag-aakalang uunlad ang maliliit na bansa dahil sa *free economy*, kalakip ang malayang pagpapalitan ng produkto, serbisyo, at iba pang may kaugnayan sa kita at ekonomiya. Sa prosesong ito, hindi kailanman naging bahagi o naging malaki ang papel na ginagampanan ng kababaihan (Acemoglu et al., 2004; Kostovicova et al., 2020). Sa pagtatapos ng mga pisikal na digmaan, at pagharap sa hindi nakikitang labanan ng kapangyarihan tulad ng tunggaliang uri sa pagitan ng mga burgis at proletaryo, tila hindi natatapos ang kalbaryo ng sektor ng kababaihan. Maaalala na nabanggit ni Santos na may iba't ibang porma at hugis ang digmaan. Kaya naman, hangga't hindi kinikilala ang lakas-paggawa ng kababaihan bilang sektor na mapaglaya, mananatiling malabo ang pag-aninag sa kapayapaan. Maaalala ang talakay ni Taguiwalo (2011) sa kaapihan na sinapit ng kababaihan sa mga pagawaan at pabrika—mga usaping sekswal na pananamantala, mababang pasahod, at pagyurak sa kanilang mga karapatang pantao. Kaakibat ng lumalalang kalagayang pang-ekonomiko, nalalagay rin sa panganib ang mga mamamayan dahil sa kanya-kanyang pulitikal na adyenda at ang pagiging aktibo ng mga base-militar sa mga bansang hindi pa ganoong kaunlad. Ang mga digmaa't pang-aaping ito sa panahon ng kapayapaan ay nagbunga ng mga militanteng pagkilos upang maipakita na ang kababaihan ay dapat na mabigyan ng espasyo upang makabuo ng desisyon sa iba't ibang aspekto ng lipunan (Deka, 2019; Veneracion-Rallonza, 2015). Ang mga babae ay katuwang ng kalalakihan sa pagtataguyod ng makabayan, progresibo, at mapayapang lipunan na minimithi ng lahat, ang masasabi ko rin na layunin ng ano mang pagkilos.

Bilang pagsasakonteksto sa kabuoan ng aklat sa lipunang Pilipino, maiuugnay ang mga argumento ni Santos sa patuloy na kaguluhan sa Mindanao na nagbunga ng malalaking pinsala at negatibong epekto sa mga sibilyan. Sa mga operasyon na ito, ang mga babae, mga bata, at matatanda ang talagang nahihirapan at nakararanas ng pandarahas. Ang mga kababaihan ay pinagsasamantalahan, ang mga buntis ay

sumasailalim sa sapilitang aborsyon, at ang mga matatanda ay nagkakaroon ng *trauma* sa mga pangyayari na lubos na nakaaapekto sa kanilang kalusugan.

Maraming mukha ang kapayapaan. Ang daan patungo sa kapayapaan ay sa pamamagitan ng puso ng isang babae, ng mukha ng isang inosenteng bata, at nasa diwa ng mga nakatatanda. Ang diskriminasyon sa kababaihan, samahan pa ng pagkukulong sa kanila sa de-kahong pagtingin ng lipunan na mahina, walang alam at *sex object*, ang nasa pinaka-ubod ng pakikipaglaban ng mga babae, pakikibaka niya upang sirain ang mga ganitong pagkiling. Ang konseptong "kapayapaan" ay kailangan na muling pag-aralan at balikan dahil, ayon kay Santos, hindi ito lamang kawalan ng kaguluhan. Ang mga nagpapatunay na hindi na kailangan ng armadong pakikibaka ay signos ng tunay na kapayapaan. Ipinaliwanag ni Santos na ang tunay na kapayapaan ay kapag hindi na kailangang ipaglaban ang karapatan dahil natatamasa na ito nang walang pangamba o bagabag na baka may mang-alipin o magtutok ng armas sa bawat isa. Kinakailangan maturuan ang mga kabataan sa kasalukuyan na hindi ang pisikal na kalakasan ang batayan ng pagbibigay solusyon sa suliranin kundi mga paraan na magpapalawig ng pagkakapantay ng mga indibidwal sa lipunan, anupaman ang kasarian at kalagayang sosyo-ekonomiko. Iminumungkahi ng aklat na ang pinakamabisang paraan upang mahinto ang karahasan sa kababaihan ay dapat na makita ang kapayapaan sa gitna ng kaguluhan na nakapaloob sa nosyon na ang kapayapaan ay nahuhubog labas sa patriyarkal na kalikasan ng lipunan, na malaking hamon sa lahat ang nabanggit.

## Sanggunian

Acemoglu, D., Autor, D. H., & Lyle, D. (2004). Women, war, and wages: The effect of female labor supply on the wage structure at midcentury. *Journal of Political Economy, 112*(3), 497–551. https://doi.org/10.1086/383100

Archibald, S., & Richards, P. (2002). Converts to human rights? Popular debate about war and justice in rural central Sierra Leone. *Africa, 72*(3), 339–367. https://doi.org/10.3366/afr.2002.72.3.33

Berman, H., Girón, E. R. I., & Marroquín, A. P. (2006). A narrative study of refugee women who have experienced violence in the context of war. *Canadian Journal of Nursing Research Archive, 38*(4), 31–53.

Cockburn, C., & Enloe, C. (2012). Militarism, patriarchy and peace movements: Cynthia Cockburn and Cynthia Enloe in conversation. *International Feminist Journal of Politics, 14*(4), 550–557. https://doi.org/10.1080/14616742.2012.726098

Copelon, R. (2011). Toward accountability for violence against women in war: Progress and challenges. In E. D. Heineman (Ed.), *Sexual violence in conflict zones* (pp. 232–256). University of Pennsylvania Press. https://doi.org/10.9783/9780812204346.fm

De Los Reyes-Ancheta, R. (2013). The comfort woman story and the Pacific war narrative. *Journal of Dharma, 38*(1), 7–26.

Deka, D. (2019). Between underground and overground: Narratives on the identity of women insurgents in Assam. *Asian Ethnicity, 20*(4), 469–485. https://doi.org/10.1080/14631369.2019.1596737

Guruge, S., Roche, B., & Catallo, C. (2012). Violence against women: An exploration of the physical and mental health trends among immigrant and refugee women in Canada. *Nursing Research and Practice, 2012*, 1–15. https://doi.org/10.1155/2012/434592

Höglund, A. T. (2003). Justice for women in war? Feminist ethics and human rights for women. *Feminist Theology, 11*(3), 346–361. https://doi.org/10.1177%2F096673500301100308

Hynes, H. P. (2004). On the battlefield of women's bodies: An overview of the harm of war to women. *Women's Studies International Forum, 27*(5–6), 431–445. https://doi.org/10.1016/j.wsif.2004.09.001

Kelly, L. (2000). Wars against women: Sexual violence, sexual politics, and the militarized state. In D. S. Jacobs, R. Jacobsen, & J. Marchbank (Eds.), *States of conflict: Gender, violence and resistance* (pp. 45–65). Zed Books.

Kostovicova, D., Bojicic-Dzelilovic, V., & Henry, M. (2020). Drawing on the continuum: A war and post-war political economy of gender-based violence in Bosnia and Herzegovina. *International Feminist Journal of Politics, 22*(2), 250–272.

Kreft, A. K. (2020). Civil society perspectives on sexual violence in conflict: Patriarchy and war strategy in Colombia. *International Affairs, 96*(2), 457–478. https://doi.org/10.1093/ia/iiz257

Liebling-Kalifani, H., Ojiambo-Ochieng, R., Marshall, A., Were-Oguttu, J., Musisi, S., & Kinyanda, E. (2008). Violence against women in Northern Uganda: The neglected health consequences of war. *Journal of International Women's Studies, 9*(3), 174–192. https://vc.bridgew.edu/jiws/vol9/iss3/10

Moreton-Robinson, A. (2009). Imagining the good indigenous citizen: Race war and the pathology of patriarchal white sovereignty. *Cultural Studies Review, 15*(2), 61–79. https://doi.org/10.3c316/ielapa.699352291848041

Min, P. G. (2003). Korean "comfort women": The intersection of colonial power, gender, and class. *Gender & Society, 17*(6), 938–957. https://doi.org/10.1177%2F0891243203257584

Moses, A. D. (2008). Moving the genocide debate beyond the history wars. *Australian Journal of Politics & History, 54*(2), 248–270. https://doi.org/10.1111/j.1467-8497.2008.00497.x

Priebe, S., Bogic, M., Ashcroft, R., Franciskovic, T., Galeazzi, G. M., Kucukalic, A., & Ajdukovic, D. (2010). Experience of human rights violations and subsequent mental disorders—A study following the war in the Balkans. *Social Science & Medicine, 71*(12), 2170–2177. https://doi.org/10.1016/j.socscimed.2010.09.029

Santos, A. F. (2002). *Violence against women in times of war and peace.* UP Center for Women's Studies.

Soh, C. S. (2020). *The comfort women: Sexual violence and post colonial memory in Korea and Japan*. University of Chicago Press.

Sriram, C. L., Martin-Ortega, O., & Herman, J. (2017). *War, conflict and human rights: Theory and practice*. Routledge.

Taguiwalo, J. M. (2011). *Babae, obrera, unyonista: Ang kilusang paggawa sa Maynila (1901–1941)*. University of the Philippines Press.

Usta, J., Farver, J. A. M., & Zein, L. (2008). Women, war, and violence: Surviving the experience. *Journal of Women's Health, 17*(5), 793–804. https://doi.org/10.1089/jwh.2007.0602

Veneracion-Rallonza, M. L. (2015). Women and armed conflict in the Philippines: Narrative portraits of women on the ground. *Philippine Political Science Journal, 36*(1), 35–53. https://doi.org/10.1080/01154451.2015.1024676

Ward, J., & Marsh, M. (2006). Sexual violence against women and girls in war and its aftermath: Realities, responses and required resources. *Symposium on Sexual Violence in Conflict and Beyond, 21*, 2–34.